# Balita mula sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan

タガログ語

**Bilang 5**

Inilathala Nobyembre 11, 2019

Isinagawa noong Oktubre ang ika-5 pagpupulong ng Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake. Ihahatid sa inyo ang nilalaman noon.

## ◇ Ukol sa Daan sa Pagpasok sa Futamuradai Elementary School

Pinag-isipan ng mga prinsipal ng dalawang paaralan, kinatawan ng mga magulang/tagapag-alaga, kinatawan ng pamayanan atbp., at tinalakay sa lupon ng paghahanda sa pagbubukas ng bagong itatatag na paaralan sa distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake ang daan sa pagpasok sa paaralan. (Ang kasulukuyang distritong pampaaralan ng Soho Elementary School at Karatake Elementary School ang distritong pampaaralan ng Futamuradai Elementary School.)

**Kinatawan ng mga magulang/tagapag-alaga ng Karatake Elementary School**
Pagsusuri ng mismong lugar, pakikinig sa opinyon

⇄

**Prinsipal, magulang/tagapag-alaga, kinatawan ng pamayanan atbp.**
Pagsusuri ng mismong lugar, pag-aaral

→

**Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai , Lungsod ng Toyoake**
Talakayan, pagpapasya

### <Daan sa Pagpasok sa Oras na Buksan ang Futamuradai Elementary School para sa Distrito ng Karatake Elementary School>







## ◇ Ukol sa Kalagayan ng Pag-aaral sa Simbolo ng Futamuradai Elementary School

Mula sa maraming disenyong isinali, nahirang ang 3 pagpipilian. Boboto pagkatapos nito ang mga batang mag-aaral ng Soho Elementary School at Karatake Elementary School, at igagalang ang resulta noon sa pagpapasya ng simbolo.

Ihahatid sa inyong lahat ang mga napag-aralan sa Lupon ng Paghahanda sa Pagbubukas ng Bagong Itatatag na Paaralan sa Distrito ng Futamuradai, Lungsod ng Toyoake, sa ganitong paraan. Mangyari lamang na magtanong sa dibisyon ng edukasyon sa paaralan sa Toyoake City Hall kung mayroong hindi maintindihang bagay.

**Para sa mga Katanungan Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan, Toyoake City Hall TEL 0562-92-8316**